ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu
Abril 24, 2023
www.philippinerevolution.nu

Mensahe sa lahat ng alyado at kaibigan sa ika-50 anibersaryo ng NDFP

Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

Sa ngalan ng buong kasapian ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), pati na ng lahat ng Pulang mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ipinararating ng Komite Sentral ng PKP ang militanteng rebolusyonaryong pagbati sa lahat ng alyado at kaibigan nito sa National Democratic Front of the Philippines sa makasaysayan at maligayang okasyon ng ika-50 anibersaryo ng NDFP.

Iminumungkahi namin sa Pambansang Konseho na dalhin ng NDFP at lahat ng alyadong organisasyon nito ang sumusunod na tema sa buong taon ng pagdiriwang:

Palakasin ang NDFP! Buklurin ang sambayanang Pilipino para ipaglaban ang pambansang kasarinlan sa gitna ng tumitinding dayuhang panghihimasok at lumalaking banta ng imperyalistang gera! Isulong ang militanteng mga pakikibaka para ipaglaban ang pambansa at demokratikong interes laban sa pasistang rehimeng US-Marcos! Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay!

Sa okasyong ito, alalahanin natin at bigyang-pugay ang lahat ng bayani at martir ng rebolusyong Pilipino. Bigyan natin ng natatanging pagkilala sina Kasamang Jose Maria Sison, Benito Tiamzon, Wilma Austria, Fidel V. Agcaoili, Antonio Zumel, Julius Giron, at iba pang susing lider ng Partido at NDFP, pati na ang mga konsultant pangkapayapaan na pumanaw na o pinaslang ng mga reaksyunaryong terorista ng estado. Pasalamatan natin ang hindi mabilang na mga alyado ng NDFP na patuloy na nagsisilbi sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Mayroong kagyat na pangangailangan palakasin at ibayong pasiglahin ang NDFP dahil kinakaharap ng sambayanang Pilipino ang lumalalang krisis ng naghaharing sistema at lumalaking banta na mahigop sa alimpuyo ng mga gerang imperyalista ngayong ang rehimeng Marcos at AFP ay ginagamit ng US sa pang-uupat ng gera, habang nananatiling duwag sa pagharap sa agresyon ng China.

Sa darating na panahon, dapat maglunsad ang NDFP ng malawak na pagsisikap na itaguyod ang diwang patriyotiko ng bayan, at buklurin, himukin at pakilusin ang pinakamalapad na hanay ng mamamayan para ipagtanggol ang bansa laban sa tumitinding ribalang imperyalista at banta ng digma. Sa harap ng tumitinding panghihimasok militar ng US at lumalalang anyo ng pang-aapi at pagsasamantala sa ilalim ng mga patakarang neoliberal, dapat magsikhay ang NDFP na mas lalong masiglang iabante ang pambansa-demokratikong rebolusyon at ang hinahangad na pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang PKP at ang NDFP

Sa inisyatiba ng Partido, nabuo ang NDFP noong Abril 24, 1973, wala pang isang taon matapos ideklara ng pasistang diktadurang US-Marcos ang batas militar. Sa araw na iyon, inilabas ng NDFP Preparatory Commission ang manipesto na "Magkaisa Para Ibagsak ang Diktadurang US-Marcos" na kinapapalooban ng 10-puntong programa. Mula noon, tangan ng sambayanang Pilipino ang tatlong makapangyarihang sandata: ang Partido, ang BHB at ang NDFP.

Sa buong panahon ng pakikibakang anti-diktadura, nagsilbi ang NDFP at ang programa nito bilang isa sa pinakamakapangyarihang tanglaw na gumabay sa malawak na masa ng mamamayan sa kanilang pagmartsa laban sa pasistang rehimen at pagsulong ng pangkalahatang rebolusyonaryong pakikibaka. Sa pamamagitan ng NDFP, nabuo ang isang malapad na lambat ng mga lihim na pwersang pambansa-demokratiko na nagsilbing bakal na ubod ng mga pakikibakang masa laban sa diktadura.

Mabilis na kumapit ang manipesto at 10-puntong programa ng NDFP sa malawak na hanay ng sambayanang Pilipino at pinukaw ang sambayanan na magkaisa at kumilos laban sa pasistang rehimen. Ang NDFP ay unang binuo ng ilang organisasyon ng mga kabataan at estudyante, kababaihan, magsasaka at iba pang mga uri at sektor na napwersang kumilos ng lihim nang ipataw ang hayagang pasistang paghahari. Mula 1973, tuluy-tuloy na nagpalawak ang NDFP at ngayo'y binubuo na ng sumusunod na 18 lihim na organisasyon:

ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Abril 24, 2023

ang.bayan@cpp.ph

@angbayan1969

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan, Revolutionary Council of Trade Unions, Katipunan ng mga Samahang Manggagawa, Pambansang Katipunan ng Magbubukid, Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, Kabataang Makabayan, Katipunan ng Gurong Makabayan, Makabayang Samahan Pangkalusugan. Liga ng Agham para sa Bayan, Lupon ng Manananggol para sa Bayan, Artista at Manunulat para sa Sambayanan, Makabayang Kawaning Pilipino, Artista at Manunulat para sa Sambayanan, Makabayang Kawaning Pilipino, Revolutionary Organization of Overseas Filipinos and their Families, Christians for National Liberation, Cordillera People's Democratic Front, Moro Resistance and Liberation Organization and Revolutionary Organization of Lumads.

Ang NDFP ang pinakakonsolidadong organisasyong nagkakaisang prente ng sambayanang Pilipino. Binubuklod nito ang lahat ng progresibong uri at sektor para sumuporta sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ito ang pampulitikang sentro de grabidad ng iba't ibang antas at anyo ng mga nagkakaisang prenteng organisasyon laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas baryo o interbaryo, gayundin sa antas munisipalidad o inter-munisipalidad, at maging antas distrito ay naitatag sa batayan ng organisadong lakas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, mga lokal na organisasyon ng Partido at armadong lakas ng Bagong Hukbong Bayan. Ginagampanan nito ang mga tungkuling pang-estado, kabilang ang pagsasakatuparan ng mga patakaran at programa sa reporma sa lupa, pagbibigay ng hustisya at pagresolba sa mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan, at pagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan. Inoorganisa at pinakikilos ng mga ito ang mamamayan para magsulong ng armadong paglaban sa reaksyunaryong estado.

Kung pagsasama-samahin, lahat ito'y bumubuo ng binhi ng Demokratikong Gubyernong Bayan ng Pilipinas sa hinaharap, isang nagkakaisang prente ng lahat ng progresibo at patriyotikong uri na nakabatay sa saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka at nasa ilalim ng pamumuno ng proletaryado. Hanggang hindi pa naitatag sa buong bansa, ang PDG ay kinakatawan ng NDFP.

Sa pagkatawan sa PDG, nakabuo ang NDFP ng relasyong pampulitika, pang-ekonomya, pangmilitar at proto-diplomatiko sa ibang mga entidad. Aktibo nitong itinataguyod ang pandaigdigang pagkakaisa sa hanay ng mga pwersang anti-imperyalista. Tuwiran man o hindi, ang NDFP ay kinikilala ng ibang mga gubyerno o internasyunal na kapulungan.

Sa kasalukuyan, dalawang gubyerno ang umiiral sa kanayunan sa Pilipinas: ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ang DGB na kinakatawan ng NDFP. Ang DGB ay Pula at rebolusyonaryo, habang ang GRP ay puti at reaksyunaryo. Sila ang bumubuo ng dalawang panig ng gera sibil sa nagdaang 54 na taon.

Mula pa 1987 ay nakikipagnegosasyong pangkapayaan na ang NDFP sa GRP. Matatag at mahusay na mahusay nitong kinatawan ang pambansa at demokratikong interes ng sambayanang Pilipino, at binigo ang mga iskema ng GRP na gamitin ang usapang pangkapayapaan bilang instrumento ng panlilinlang at pasipikasyon. Nakapagluwal ang nego-

sasyon ng mahahalagang kasunduan, pangunahin na ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Malinaw ding naipakita ng NDFP ang katapatan nito sa paglutas sa sosyo-ekonomiko at pampulitikang ugat ng gera sibil, at gayo'y, nakuha ang suporta ng malapad na bahagi ng lipunan sa hangarin para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Kabuluhan at kakagyatan ng 12-puntong programa ng NDFP

Ang 12-puntong programa ng NDFP ay ang sistematikong paglalahad ng kolektibong adhikain ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Ito ang pinakasuperyor sa lahat ng programa ng mga pampulitikang partido at organisasyon sa Pilipinas.

Ang programa ng NDFP ay kabaligtaran ng neoliberal, kontra-Pilipino at kontra-demokratikong mga patakaran at programa ng naghaharing papet at pasistang rehimeng Marcos, at ng lahat ng naunang mga rehimen, nagpanggap mang demokratiko o hayagang tiraniko. Kinakatawan nito ang interes ng mga manggagawa, magsasaka at lahat ng ibang pinagsasamantalahan at inaaping uri sa lipunang Pilipino, gayundin, ng lahat ng iba pang pwersang progresibo at patriyotiko, na tahasang kontra sa interes ng imperyalismong US, at ng lokal na naghaharing mga uring malalaking burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa.

Ang tumatalim na krisis ng naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema ay nagdidiin sa kabuluhan at kakagyatang ipatupad ang 12-puntong programa ng NDFP. Humigit-kumulang limampung taon mula nang balangkasin ang programa ng NDFP, hindi nagbago sa kalidad ang malakolonyal at malapyudal na kundisyon sa Pilipinas. Lumalala lang ito sa kantidad, kung saan dumaranas ang sambayanang Pilipino ng higit na malalang kundisyon ng kaapihan at pagsasamantala.

Sa kanayunan, lalong sumidhi ang problema ng kawalang lupa sa anyo ng iba't ibang anyo ng pang-aagaw at pagkakait ng lupa ng mga luma at bagong tipo ng panginoong maylupa, malalaking burgesyang komprador at korporasyong multinasyunal sa mga minahan, plantasyon, imprastruktura, *real estate* at iba pa. Sa buong bansa, lalong hindi mabata ng malawak na masa ang tumitinding kalagayang sosyo-ekonomiko sa gitna ng mababang sahod, pagkakait ng kabuhayan, pagsirit ng presyo ng langis, pagkain at ibang saligang pangangailangan, kawalang trabaho at pangangamkam. Ang naghaharing reaksyunaryong estado ay gumagamit ng higit na brutal na pasistang mga hakbangin upang supilin ang paglaban ng bayan at ipreserba ang naghaharing sistema.



Sa gitna ng malubhang kalagayang pang-ekonomya at pampulitikang panunupil, tuluy-tuloy na nababalani ang sambayanang Pilipino sa 12-Puntong Programa ng NDFP bilang pinakatugma at tuwirang solusyon sa kanilang kagyat na mga suliranin. Ang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ay lalong malakas sa harap ng laganap na pagkawasak ng mga pwersang produktibo kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Ang hinihinging komprehensibo at progresibong programang panlipunan ay higit na makabuluhan sa gitna ng lumalalang krisis ng pampublikong kalusugan at pampublikong edukasyon. Bawat isang punto sa programa ng NDFP ay matingkad na naiiba sa lahat ng kabulukan ng naghaharing sistema.

Ang tinatanaw na pagtatayo ng bagong bansa kung saan tumatamasa ang bayan ng tunay na kalayaan at tunay na demokrasya, kung saan ang bayan mismo ang tumatamasa ng bunga ng kanilang mga pagsisikap, ay lalong nagpapainit sa kanilang rebolusyonaryong alab at optimismo, at nagpapasigasig sa kanila ng isulong ang rebolusyon.

Ang programa ng NDFP ay pangkalahatang salamin ng programa ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) para sa demokratikong rebolusyong bayan. Sa pagsulong ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa tunay pambansang kalayaan, ang 12-Puntong Programa ng NDFP ay may pangkasaysayang dugtong sa rebolusyonaryong demokratikong programa ng Katipunan. Layunin nitong kumpletuhin ang burges demokratikong rebolusyon, at gayo'y, likhain ang kundisyon para isulong ang rebolusyon at konstruksyong sosyalista.

Kasalukuyang maiinit na isyu sa ilalim ng pasista at papet na rehimeng Marcos

Ang umiiral na pasista at papet na rehimeng Marcos ang kasalukuyang konsentrasyon ng bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Kinakatawan nito ang interes ng imperyalismong US at ng naghaharing mga uring mapang-api; sa partikular, ng interes ng naghaharing pangkating Marcos-Duterte. Sa gitna ng krisis ng naghaharing sistema, nahuhumaling ngayon ang naghaharing pangkating Marcos-Duterte sa pagmonopolyo ng kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika, na nagbubunsod ng lalo nitong pagkahiwalay sa mamamayan, at lumilikha ng sigalot at ribalan sa loob nito.

Lalong pinalalala ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos ang krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema. Ang mga patakarang kontra-nasyunal at kontra-demokratiko ay malinaw na makikita sa sumusunod na apat na susing usapin

(a) Tumitinding panghihimasok militar ng US sa Pilipinas. Kinatatampukan ito ng plano ng US na magtayo ng hindi bababa sa apat na karagdagang base at pasilidad militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ito ay dagdag sa limang nang base at pasilidad militar ng US kung saan ipinupusisyon ang mga sandata at iniistasyon ang mga tropang Amerikano sa Pilipinas. Ang bagong mga base militar ng US ay bahagi ng plano nitong magtayo ng $27.1 bilyong lambat ng mga *missile station* sa tinaguriang "First Island Chain" ng mga bansang pinakamalapit sa China. Bahagi ito ng nagpapatuloy na pang-uupat sa gera kontra China, na nakatuon sa pagbabalewala sa One China Policy at pag-udyok sa panawagan para sa "Taiwan Indpendence."

Kasabay nito, pinatitindi ng US ang kontra-rebolusyonaryong gera nito sa Pilipinas para supilin ang pambansa-demokratikong rebolusyon, sa pamamagitan ng pag-aarmas, pagpondo at pagsuporta sa operasyong kontra-insurhensya ng AFP. Ang walang saysay na layunin ng US ay lupigin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang lubos na magamit at mamaksimisa ang papet na armadong pwersa para sa posibleng armadong komprontasyon sa imperyalistang karibal na China.

(b) Tumitinding pasistang panunupil at terorismo ng estado sa ilalim ng kontra-insurhensyang operasyong idinidirihe ng US. Laganap ang mga paglabag ng AFP at Philippine National Police (PNP) sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, kabilang ang paghamlet sa mga komunidad, pagblokeyo sa pagkain, walang-habas na pagpapaputok ng mga armas, paghuhulog ng bomba mula sa ere at panganganyon, ekstrahudisyal na pamamaslang, mga pagdukot, taliwas sa batas at hindi makatarungang mga pag-aresto, pagtortyur at iba pang brutalidad laban sa mga sibilyan o hindi kombatant.

(c) Lalong lumalakas na pagtulak sa mga patakaran at hakbanging neoliberal na nagpapalala sa malawak na kahirapan at nagpapalubha sa kundisyong sosyo-ekonomiko ng bayan. Ang pinaigting na pagpapalawak ng mga operasyon ng mga korporasyong multinasyunal ay nagreresulta sa malawakang pagkamkam sa mga magsasaka at mangingisda, dislokasyon sa kabuhayan at pagkawasak sa mga produktibong pwersa. Lalo nitong pinalalalim ang kalagayang atrasado, agraryo at pre-industriyal ng ekonomya ng Pilipinas, na nagreresulta sa masidhing disempleyo, mababang sahod sa gitna ng nagtataasang presyo, pagsalalay sa pag-aangkat at dayuhang pangungutang; at iba pa.

(d) Lumalalim na krisis ng naghaharing sistemang pampulitika. Sa tulak na lubusin ang burukratikong pribilehiyo, agresibong itinutulak ng pangkating Marcos-Duterte ang mga hakbanging sarilinin ang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya. Ang plano nilang amyendahan ang konstitusyong 1987 ay klarong bahagi ng iskema nilang alisin ang mga sagabal sa paggamit ng kapangyarihang batas militar at magpalawig sa kapangyarihan ng naghaharing pangkat. Ang mga iskemang ito ay nagpapalalim sa hidwaan sa pagitan ng iba't ibang pangkatin ng naghaharing uri. Kasabay nito, lumalalim ang sigalot sa pagitan ng mga Marcos at Duterte sa pagriribalan ng mga ito sa burukratiko kapitalistang nakaw, kabilang ang kontrol sa militar, pulis at iba pang susing ahensya ng gubyerno, pagbubulsa ng suhol mula sa mga kontrata sa gubyerno, pagkulekta sa kotong mula sa ismagling at bentahan ng droga, at iba pa.

Ang mga isyung ito'y nagdidiin sa bulok na kalagayan ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Alinman, o kombinasyon ng ilan sa mga ito ay maaaring maging sentro ng pagpihit ng krisis sa ekonomya at pulitika, na siya namang maaaring makapukaw sa malawak na masa ng mamamayan at makapagpapaigting ng kanilang demokratiko at militanteng kilusang masa.

Tumitingkad rin ang malaking potensyal ng mga usaping ito na sumabog at manalanta sa konteksto ng nagpapatuloy na krisis ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo at ng lumalaking posibilidad ng panibagong ronda ng krisis sa pinansya, resesyon at depresyon sa ekonomya. Sa buong mundo, dahan-dahang dumadaluyong ang malalaking demonstrasyon kapwa sa mga bansang kapitalista at sa mga atrasadong bansang malakolonyal, sa harap ng paglaban ng inaapi at pinagsasamantahang mga uri laban sa lumalalang mga patakaran at digmaang imperyalista.

Ang papel ng NDFP sa paglakas ng rebolusyonaryong daluyong

Patuloy na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang sambayanang Pilipino sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ikinalulugod nitong makaalyado ang mga organisasyon at kasaping kaanib sa NDFP.

Sa gitna ng mabilis na pagbulusok ng naghaharing sistema, tumitinding ribalan at lumalaking posibilidad ng gerang inter-imperyalista, nakikita ng Partido ang hinaharap na panahon ng pagdaluyong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, kilusang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan, at pagbubuo ng NDFP at iba pang organisasyong nagkakaisang prente. Maaliwalas ang hinaharap ng mga rebolusyonaryong pwersa para makapagpalakas sa darating na panahon ng pagsulong.

Higit kailanman sa nakaraan, determinado ang Bagong Hukbong Bayan na isulong ang matagalang digmang bayan sa kanayunan. Nakapagpreserba at nakapagpunyagi ito sa landas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, at patuloy na nagsusulong ng masaklaw at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan na papalawak at papalalim na baseng masa.

Tiyak ang landas ng pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa mga darating na buwan at taon. Matapos ang panahon ng militaristang *lockdown* noong pandemya, malinaw ngayong tumataas ang antas ng pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika ng iba't ibang sektor. Sumisigla ang mga welga at aksyong masa ng mga manggagawa na humihingi ng mas mataas na sahod, tumututol sa labis na mapang-aping kundisyon sa paggawa at lumalaban sa kontraktwalisasyon at iba pang mapang-aping pleksibleng sistema sa pag-eempleyo. Ang panawagang wakasan ang liberalisasyon sa agrikultura at iba pang mapang-aping patakarang neoliberal na nagreresulta sa pangangamkam ng lupa, pagkabangkarote sa kanayunan at dislokasyong pang-ekonomya ay lalong nagbubuklod at pumupukaw sa mga pakikibakang masang magsasaka kaakibat ng kanilang kahingian para sa tunay na reporma sa lupa. Umiigting ang pakikibaka laban sa mga dam at iba pang proyektong pang-imprastruktura sa iba't ibang mga rehiyon. Nagbubuklod ang malawak na masa ng mga mangingisda laban sa mapangwasak na planong reklamasyon, at pagmimina sa ilalim ng dagat ng mga dayuhang kumpanya na nagreresulta sa dislokasyong pang-ekonomya. Pinatatampok ng kamakailang welga ng mga drayber ng dyip at ibang pampublikong transportasyon ang paglaban ng masang mala-proletaryado sa mga mapang-aping patakaran at programang sosyo-ekonomiko na nagkakait sa kanilang kabuhayan. Lalakas ang militante at patriyotikong kilusang estudyante at kabataan sa harap ng pagtaas ng gastos sa matrikula at pagtalikod ng estado sa edukasyon, gayundin, laban sa tumitinding imperyalistang panghihimasok.

Ang pampulitikang panunupil at mga paglabag sa mga karapatang sibil at pampulitika ay patuloy na nagpapasiklab ng galit, pagtuligsa at paglaban ng mamamayan. Ang papel ng mga imperyalistang US sa gerang panunupil ay puspusang nalalantad. Ang galit ng sambayanang Pilipino ay patuloy na tumitindi laban sa dayuhang pandarambong at pagwasak ng mga multinasyunal at mga ahente nito sa kapaligiran at kabuhayan ng bayan, at laban sa laganap na korapsyon ng malalaking burukratang kapitalista sa pangunguna ng pangkating Marcos-Duterte.

Dapat magsilbing ubod ang NDFP at lahat ng alyado nitong organisasyon ng puspusang pagsisikap na buklurin, organisahin at pakilusin ang lahat ng rebolusyonaryo, progresibo at positibong pwersa para buuin ang pinakamalapad na nagkakaisang prente laban sa rehimeng US-Marcos bilang pinakakonsentrasyon ng lahat ng kasamaang panlipunan na pinagdurusahan ng sambayanang Pilipino, at para isulong ang digmang bayan para sa pagpapalayang pambansa at panlipunan.

Hinihikayat namin ang NDFP at mga alyadong organisasyon at kaanib nito na isagawa ang sumusunod na tungkulin, kampanya, mga pakikibaka at aktibidad sa darating na taon, na may layuning palaparin at palakasin ang nagkakaisang prenteng anti-pasista, anti-imperyalista at antipyudal:

a) Itatag ang pinakamalapad na alyansa laban sa pasistang rehimeng US-Marcos. Ilantad at labanan ang pag-aasal-alipin ni Marcos sa dayuhang pang-ekonomyang interes. Ilantad, labanan at ihiwalay ang naghaharing pangkating Marcos-Duterte sa mga pakana nitong monopolyohin ang kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika. Ilantad ang korapsyon ng naghaharing pangkatin, kabilang ang mga iskemang bawiin ang nakaw na yaman ng dinastiyang Marcos, paggamit ng pampublikong pondo para sa mga operasyon ng malalaking komprador, ismagling sa tabing ng liberalisasyon sa pag-iimport, at iba pang iskema.

b) Magsulong ng kampanya para ilantad at igiit ang paglalansag ng mga baseng militar ng US sa Pilipinas, pagpapauwi sa mga tropang US, at pagwawakas sa panghihimasok militar at mga war exercises, pang-uupat ng gera kontra China at pagpondo sa mga brutal na operasyong kontra-insurhensya na lumalabag sa prinsipyo ng hindi pakikialam sa mga panloob na usapin ng bansa. Igiit ang pagpapawalambisa sa EDCA, Visiting Forces Agreement, Mutual Defense Treaty at iba pang di pantay na tratadong militar sa US. Igiit ang paglalansag ng mga pasilidad militar at pagpapauwi sa mga pwersang militar ng China, at pagwawakas sa pandarambong sa yamang karagatan ng Pilipinas.

c) Tipunin ang malawak na suporta para sa mga pakikibakang pang-ekonomya laban sa mga neoliberal na patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon, laluna para sa pakikibaka ng mga manggagawa para sa umento sa sahod. Tipunin ang malawak na suporta para sa pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa sa kanayunan, at laban sa pagpasok ng mga kumpanya sa pagmimina, pagpapalawak ng mga plantasyon, ekoturismo, mga dam at proyektong pang-enerhiya, at iba pang programa na sumisira sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan. Labanan ang pagpapataw ng pabigat na buwis at pabigat na pagbabayad sa dayuhang pautang.

d) Itatag ang malapad na nagkakaisang prenteng anti-pasista. Ilantad ang malawak na terorismo ng estado, mga paglabag sa karapatang-tao at pag-atake sa mga sibilyan at mga sibilyang komunidad taliwas sa internasyunal na makataong batas, laluna ang mga paglabag sa karapatang kababaihan at bata. Igiit ang pagwawakas sa walanghabas at labis na lakas na paggamit ng pambobomba mula sa era at panganganyon na nagsasapanganib sa buhay ng mga sibilyan. Ilantad ang ugnayan ng tumitinding pasistang panunupil at ng agresibong neoliberal na tulak na hawanin ang daan para sa pandarambong ng mga dayuhang kumpanya sa yaman ng bansa, lalong hilahin pababa ang sahod, kamkamin ang lupa at pagkaitan ng kabuhayan ang mamamayan.

e) Buong-siglang itaguyod at isulong ang 12-Puntong Programa ng NDFP sa lahat ng posibleng anyo at benyu—mula sa akademiya hanggang sa mga barungbarong, mga pagawaan at lugar ng pagtatrabaho hanggang sa kanayunan. Aktibong paunlarin ang isang kilusang pang-edukasyon, pampropaganda at pangkultura para milyun-milyong abutin ang malawak na masa. Itaas ang kaalaman at kamulatan ng bayan sa mga tagumpay na nakamit nila sa nagdaang 54 taon ng rebolusyonaryong pakikibaka, at pangangailangang isulong pa ang pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay upang wakasan ang kanilang mga pagdurusa.

f) Paunlarin ang masiglang kilusan sa pag-oorganisa upang kamtin ang wala pang kapantay na pagpapalawak at paglago ng lahat ng alyadong organisasyon ng NDFP, at magtayo ng iba pa para katawanin ang iba pang aping uri at sektor. Isagawa ang mga pulong pag-aaral at espesyal na kumperensya at itatag ang kanilang mga istrukturang pang-organisasyon. Magpalitaw ng bagong mga lider masa na may kakayahang maramihang pukawin ang mamamayan. Pagtibayin ang rebolusyonaryong kilusang lihim at tiyakin ang pagbubuo ng mga komiteng pananggol-sa-sarili upang seguruhin ang kaligtasan ng lahat ng pwersang rebolusyonaryo.

g) Palakasin ang NDFP bilang alyansa. Itaas ang kamulatan ng kasapian at mga alyadong organisasyon sa pamamagitan ng internal na edukasyon tungkol sa NDFP, sa kasaysayan at gawain nito. Paunlarin ang koordinasyon at tulungan ng mga alyadong organisasyon ng NDFP. Palakasin ang ugnayan ng mga ito sa tanggapan ng NDFP sa ibayong-dagat upang suportahan ang gawain ng mga internasyunal na kinatawan ng NDFP.

h) Palawakin ang suportang pampulitika at materyal para sa Bagong Hukbong Bayan. Aktibong magrekrut ng mga Pulang mandirigma mula sa hanay ng mga manggagawa, estudyante, kababaihan at iba pang sektor. Pakilusain ang mga yunit pananggol-sa-sarili upang magpaabot ng tulong materyal, pampulitika at paniktik sa mga lokal na yunit ng mga milisyang bayan at yunit gerilya ng BHB.

i) Patuloy na itaguyod at katawanin ang Demokratikong Gubyernong Bayan. Isagawa ang kampanyang internasyunal para itanghal ang NDFP bilang kinatawan ng sambayanang Pilipino. Patuloy na tipunin ang internasyunal na suporta para sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang at panlipunang pagpapalaya. Patuloy na paunlarin ang mga relasyong protodiplomatiko sa mga bansa at iba pang ahensyang internasyunal. Patuloy na itanghal ang pagtataguyod ng NDFP sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

j) Tulungang itatag at palawakin ang internasyunal na mga *network* at alyansa sa batayang ng pagkakaisang anti-imperyalista. Tulungang itatag ang malapad na mga alyansa kontra sa mga digmang imperyalista. Ibigay ang suporta sa mga demokratikong pakikibakang masa ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang masang anakpawis, pati na mga rebolusyonaryong armadong paglaban sa ibang bansa.

Naniniwala ang Komite Sentral ng PKP na gagampanan ng NDFP ang napakahalagang papel sa paparating na panahon ng panibagong rebolusyonaryong pagdaluyong. Tiwala kami na lahat ng pwersa ng NDFP ay patuloy na magpupunyagi sa pagpukaw sa sambayanan at magsasabalikat ng mabibigat na tungkulin sa paglunsad ng lahat ng anyo ng pakikibakang patriyotiko at demokratiko, magtitipon ng malawak na suporta para sa digmang bayan at magsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!
Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!
Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!
Mabuhay ang sambayanang Pilipino!